Abril 2010

PRAYMER

10 Leksyon sa Eleksyon

Eleksyon na naman at tulad ng dati, mistula na namang karnabal ang buong bayan. Kabikabila ang mga pangako ng mga kandidato para sa pagbabago at pagbuti ng buhay kung sila'y mahahalal. Halos iisa ang kanilang inuusal --- pagbabago.

Pero anong klaseng pagbabago at para kanino? Napakahalaga ng eleksyon sa Mayo para sa mamamayang Pilipino. Para sa maraming Pilipino, ang eleksyong ito ang inaasahan nilang magtatapos sa miserableng pamumuhay na dinaranas sa ilalim ng 9 na taon ng administrasyong Arroyo. Napakalaki ng taya ng mamamayan sa eleksyong ito na gaganapin sa isang panahong napakatindi ng krisis sa kabuhayan at nasa abanteng yugto ng pagkabulok ang pampulitikang sitwasyon ng bansa.

Ang eleksyon sa Mayo ay hindi lamang usapin ng pamimili sa mga kandidato. Usapin din ito ng pagtatakda ng kung anong pagbabago ang kailangan ng bayan. Usapin din ito ng pagtatakwil sa isang gubyernong nagpahirap sa mamamayan subalit pilit pang nangungunyapit sa kapangyarihan. Usapin ito ng pagpapalawak ng organisadong lakas ng mamamayan para sa tunay na pagbabago.

IBON
Foundation, Inc

IBON Center
114 Timog Avenue,
Quezon City,
P.O. Box 1172,
Quezon City
Central Office,
1151 Quezon City
Tels. 927 7060 to 62
Fax 929 2496
E-mail: perc@ibon.org

1 Ano ang eleksyon sa Mayo 10, 2010?

Eleksyon ang tawag kung kailan ginagamit ng taumbayan ang kanilang karapatang bomoto o pumili ng mga tao at partidong mamuno sa kanila sa pagluluklok sa mga ito sa mga posisyon sa gubyerno. Sa pamamagitan ng pagboto, pinipili ng mga kwalipikadong botante (mga mamamayang may 18 taong gulang pataas) ang kanilang mga pinuno upang katawanin ang kanilang interes, maglingkod sa mamamayan, at manguna sa pagpapaunlad at pangangasiwa ng lipunan.

Sa Mayo 10, 2010, alinsunod sa Konstitusyon ng 1987, sinkronisado o magkasabay na isasagawa ang pambansa at lokal na eleksyon. Sa kada balota, maghahalal ang isang botante ng kanyang piniling presidente, bise-presidente, mga senador, kongresman, partylist organization, gubernador at/o alkalde, mga bokal at konsehal. Sa Mayo, gagamitin ng mamamayang Pilipino ang kanilang demokratikong karapatang pumili ng kanilang mga pinuno. Nakatakdang ihalal ngayong Mayo ang presidente at bise presidente, 12 senador, 1 kongresista, 1 partylist, gobernador, mayor at iba pang lokal na mga pinuno.

Bilang ng mga Kandidato	Posisyon	Bilang ng mga Iboboto
9	Presidente	1
8	Bise Presidente	1
61	Senador	12
798	Representate ng Distrito	1
187	Party-list	1
291	Gobernador	1
241	Bise Gobernador	1
2,042	Myembro ng Sangguniang Panlalawigan	depende kung anong municipal class (10, 12 or 14)
463	Mayor	1
391	Bise Mayor	1
4,582	Myembro ng Sangguniang Panglunsod	depende kung anong municipal class (10, 12 o 14)
4,071	Municipal Mayor	1
3,945	Municipal Vice Mayor	1
33,172	Myembro ng Sangguniang Bayan	10

Ang mga ito ay ihahalal ng tinatayang 50,723,734 rehistradong botante mula ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi sa Mayo 10. Dati rati ang bilangan ng boto laluna yaong mga pambansang posisyon ay inaabot ng ilang araw pero dahil sa mga pagbabagong isinagawa sa proseso tulad ng awtomasyon (automation), inaasahang mapapaikli ang oras ng bilangan.

2 Ano ang kaibahan ng eleksyon ngayong Mayo 10?

Sa unang pagkakataon, gagamitin ngayong eleksyon ang automated election system (AES) na sa simula pa lang ay kontrobersyal na at nagdulot ng maraming pangamba at tanong sa mamamayan. Ang AES diumano ang tugon ng Commision on Election (COMELEC) para maiwasang maulit ang napakatinding dayaan tulad ng iskemang dagdag-bawas na naganap noong mga nakaraang eleksyon laluna na 2004 at 2007.

Ayon sa COMELEC, ang AES ay makabagong teknolohiya para mapabilis ang eleksyon. Sa paggamit ng AES, mapapabilis ang bilangan at canvassing at tinatayang matapos ang 3-5 araw ay maaari nang magproklama ng bagong halal na opisyales ng bansa. Sa pamamagitan ng Republic Act 9369 o batas na nagsasaad ng pangangailangan na ipatupad ang isang automated election system o ang pagkakaroon ng isang de-makinang/modernong sistema ng eleksyon, komontrata ang COMELEC ng isang dayuhang korporasyon para magmanupaktura ng mga makina at kompyuter para sa awtomasyon ng halalan.

Kinontrata ng COMELEC ang dayuhang korporasyon ng Smartmatic-TIM sa halagang P7.2 bilyon upang magmanupaktura ng 82,200 Precint Count Optical Scan (PCOS) machines na gagamitin para sa halalan. Gayunman, marami ang nagpapahayag ng pangamba sa PCOS machines dahil bukod sa napakamahal at hindi dapat na ipagkatiwala sa dayuhan, ang source code o ang programa ng kompyuter sa pagboto ay hindi bukas para i-rebyu ng mga independenteng grupo.

Sa AES, mananatiling manwal ang paraan ng pagboto at ang magiging automated lamang ay ang pagbilang at ang canvassing (pagtitipon ng lahat ng mga boto). Samakatuwid, hindi pa rin talaga tuluyang mamawala ang panganib na muling magkaroon ng malawakang dayaan tulad noon. Ayon pa nga sa mga eksperto, dahil makina ang magbibilang, maaring awtomatikong paboran ang isang kandidato kung maireprograma ang kompyuter. Magiging malawakan pa nga

ang dagdag-bawas dahil mas madali, hindi ito madaling makita sa AES at hindi na mangangailangan ng manwal na pagpapalit ng mga datos.

Dahil mananatili pa ring manwal ang botohan, ang mga dating pamamaraan ng pandaraya tulad ng pagbili ng boto, pananakot, flying voters, pagpapalit ng balota ay maaari pa ring isagawa lalo pa't may idudulot na kalituhan sa mga botante ang "makabagong" paraan ng pagboto.

Walang nalalabi para sa mga botante kundi ang maging mapagbantay at militante sa kanilang pagboto. Ngayon pa lang, dapat pag-aralan ng taumbayan ang mga pamamaraan para mabawasan ang pandarayang gagawin sa eleksyon.

3 Bakit mahalaga ang eleksyon sa Mayo para sa mamamayan?

Hindi na halos makapaghintay ang mamamayan sa pagdating ng Mayo 10, 2010. Para sa ilang mamamayan, ang eleksyong darating ay isang siwang ng pag-asa sa madilim na kalagayan ng kanilang kabuhayan. Ito rin ang pagkakataong hinihintay ng marami upang irehistro ang kanilang disgusto sa gubyernong Arroyo na batid nilang nagdulot ng lalo pang pagbagsak ng kanilang miserableng pamumuhay at mas masahol pang pagsupil sa karapatan at kalayaan ng mamamayan.

Napakatindi ng kahirapang iniluwal ng 9 na taong pangungunyapit sa poder ng gubyernong Gloria Macapagal-Arroyo. Walang trabaho, napakababa ng kita, milyon ang lumalabas ng bansa para takasan ang kahirapan, laganap ang kagutuman, milyon ang walang tirahan at patuloy na lumalagblab ang paglaban ng mamamayan. Ang gubyernong iniluklok ng mamamayan noong 2001 ay mas masahol pa pala sa pinatalsik na gubyernong Estrada. Hindi lamang nito hinigitan ang pandarambong sa gubyerno kundi tuluyang ibinenta ang bansa at mamamayan sa imperyalismong US para lamang patuloy na makapanatili sa poder.

Nitong nakaraang mga taon, lalo pang bumagsak ang kabuhay ng mamamayan dahil sa matinding krisis na luwal ng dati nang depekto ng malapyudal at malakolonyal na ekonomya. Lalo pang sumahol ang kalagayan ng atrasadong agrikultura dahil sa mas tuminding monopolyo sa lupa. Ang semi-processing at napakaliit na pagmamanupaktura ay halos nalumpo lalo na dahil sa ipinatupad na imperyalistang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at

pribatisasyon. Ang export, OFW remittances at pagsandig sa dayuhang puhunan ay lalo pang nagpalubha ng ekonomya kaya naman napakatindi nang naging epekto ng pandaigdigang krisis pampinansya na inabot ng mga imperyalistang bansa subalit ipinasa lamang sa mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas. Katunayan, patuloy na ginawang bagsakan ng sobrang produkto at kapital ng dayuhan ang bansa na lalo pang bumansot sa lokal na industriya nito at ibayo pang nagpalubha sa gutom at kahirapan sa kanayunan. Patuloy na tumatabo ng limpaklimpak na tubo ang mga dayuhang monopolyo kapitalista at mga kasosyo nitong panginoong maylupa at malaking burgesya kumprador habang nakapako ang mababang sahod, walang trabaho, walang lupa at malaganap ang kagutuman ng mga anakpawis.

Ayon sa konserbatibong pagtataya ng gubyerno, mahigit 1 sa bawat 10 manggagawa ay walang mapasukang trabaho. Ang mga trabahong inilalako ng gubyerno ay mga trabahong panandalian, napakababa ng sahod at pinaglilingkod sa interes ng mga dayuhang kapitalista. Patuloy na lumiliit ang bilang ng mga regular na manggagawa dahil sa programa sa pleksibilisasyon ng paggawa ng gubyerno para maging mura at kaakit-akit sa mga dayuhang mamumuhunan. Kaya naman, sa kabila ng paghiyaw ng manggagawang Pilipino para sa kakarampot na dagdag sa minimum na pasahod, bingi ang gubyernong Arroyo at idinadahilan pa na baka magsara ang dayuhang korporasyon na ang tutuo'y halos 300% ang laki ng taunang tubo. Masahol pa, habang pinipigilan ang pagtataas sa minimum na pasahod ng ordinaryong manggagawa, ilang ulit namang inumentuhan ng gubyerno ang sahod ng mga pulis at militar.

Malaganap ang gutom sa kanayunan. Patuloy ang napakababang ani hindi lamang dahil sa krisis sa klima kundi lalo na dahil sa mas tumitinding monopolyo sa lupa. Ang mga palayan at maisan ay unti-unting nawawala at napapalitan ng mga high value crops na pang-eksport. Napapalitan ng komersyal na agrikultura na ang pangunahing produkto ay pang-eksport para sa malakihang produksyon at konsumo ng ibang bansa. Kaya naman, ang agrikultural na bansang Pilipinas ang numero unong importer ng bigas ngayon sa buong mundo.

Walang serbisyong panlipunan. Ang reformed value-added tax (RVAT) at iba pang buwis na hinoholdap ng gubyerno sa mamamayan ay napupunta sa pagbabayad ng utang para makapagpalapad ng papel sa dayuhan habang laganap ang iskandalo ng korupsyon na sangkot ang mismong pamilyang Arroyo. Hindi na nga makapagpaliwanag sa mga iskandalong nalalantad, gumamit pa ang pangkating Arroyo ng panlilinlang, panunuhol at pandarahas para makapanatili sa poder. Buong bangis nitong binigyan ng lisensya ang pulis at militar na supilin ang mga nagpoprotestang mamamayan sa ilalim ng Oplan Bantay Laya (OBL) 1 at 2.

Hanggang ngayon, wala pa ring linaw ang kaso ng mahigit 1,188 biktima ng pampulitikang pagpatay, 205 na mamamayang dinukot at hindi pa inililitaw at 223 detenidong pulitikal . Hindi pa kabilang dito ang daang libong mamamayan na biktima ng pwersahang pagpapalikas, hamleting at militarisasyon. Maging sa kalunsuran, aktibong nag-ooperasyon ang mga militar laban daw sa mga rebeldeng grupo pero ang hinahanap at hinaharas ay ang mga lider at aktibong kasapi ng mga militante at lehitimong grupo ng mamamayan sa komunidad. Sa Baseco, Dagatdagatan, Payatas at iba pang komunidad ng maralita sa Metro Manila ay nakadeploy ang mga armadong sundalo ng 103rd at 27th Batallions ng AFP.

Hindi alintana ng gubyernong Arroyo ang labis na pagkamuhi ng mamamayan sa kanyang administrasyon na makikita sa patuloy na pagbagsak ng rating nito sa lahat ng survey. Kinokondena ng buong mundo ang gubyernong Arroyo dahil sa wala ni isa mang kaso ng paglabag sa karapatang pantao ang nabigyan ng hustisya sa ilalim ng pamamahala nito.

Walang mahalaga sa gubyernong Arroyo kundi makuha ang pagtataguyod ng imperyalismong US. Batid nito na mapagpasya ang pagtataguyod ng imperyalismo para mapanatili nito ang suporta ng militar at ng kanyang kinabibilangang paksyon sa naghaharing uri. Kaya naman, sunudsunuran sa kapritso ng imperyalismong US ang gubyernong Arroyo mula sa mga pagposisyon sa pandaigdigang usapin, sa gera ng mga panghihimasok ng US sa ibang bansa hanggang sa mismong pagsasalaula ng konstitusyon ng bansa para lamang maipasok ang interes ng imperyalismong US. Isinasakay naman sa Chacha ng gubyernong Arroyo ang sariling interes na makapanatili sa poder at makinabang nang husto sa kabang-yaman ng bansa.

Kaya naman hindi nilubayan ng mamamayan ang pagnanais nitong mapatalsik ang gubyernong Arroyo sa poder. Inihayag nila ang pagnanais na ito sa iba't ibang larangan – mula sa araw-araw na mga rali at demonstrasyon sa iba't ibang panig ng bansa, sa mga porum at pulong-bayan, sa bukid, pagawaan at sa komunidad ng mamamayan ay pinag-uusapan ang pagpapatalsik sa isang gubyernong tumalikod sa mamamayan at nagtataguyod sa interes ng dayuhan at naghaharing uri kapalit ng pananatili sa poder.

Taun-taon, ang pagpapatalsik sa gubyernong Arroyo ay nagmistulang tradisyon na laging isinusulong ng mamamayan. Kahit sa kongreso, makailang ulit na isinulong sa pangunguna ng mga progresibong partylist representatives ang proseso ng legal na pagpapatalsik (impeachment) na nabibigo lamang dahil sa maniobra ng mga kakampi at tauhan ng administrasyon.

Anupa't nakapanatili ang gubyernong Arroyo sa poder sa pamamagitan ng paggamit ng dahas at panunupil sa mamamayan at sa kabilang banda ay panunuhol sa mga alipures nito sa kongreso at sa burukrasyang militar.

4 Bakit dapat maging mapagbantay ang mamamayan sa eleksyong ito?

Walang balak na umalis sa poder ang gubyernong Arroyo. Ang eleksyong ito sa katunayan ay eleksyon para sa pananatili ni Arroyo at ng kanyang pangkat sa kapangyarihan. Gagawin na ng gubyernong Arroyo ang lahat upang makapanatili lamang sa kapangyarihan.

Maraming dahilan kung bakit patuloy itong nangungunyapit sa kapangyarihan. Pero una sa lahat ng ito ay pag-iwas sa tiyak na paniningil ng taumbayan upang pagbayarin sa mga krimeng ginawa nito sa mamamayan mula sa mga hindi maipaliwanag na kaso ng pandarambong sa kabang-yaman, lantarang pandaraya sa eleksyon, malawakang paglabag sa karapatang pantao, pagpapatupad ng mga kontra-mamamayang programa at patakaran, at paglabag maging sa konstitusyon ng bansa. Siyempre, walang pagkabusog itong patuloy na naghahangad na makapangulimbat sa yaman ng bansa na sa katunayan ay halos mahigitan pa ang rekord ng diktadurang Marcos.

Ang tutuo'y ibang ruta sana ang dadaanan ng gubyernong Arroyo para makapanatili sa poder. Noong nakaraang mga taon, sinakyan nito ang matagal nang itinutulak ng imperyalismong US na pagbabago sa konstitusyon para alisin ang mga probisyon na sumasagka sa imperyalistang globalisasyon at mga balakid para sa militaristang agenda ng US sa Pilipinas tulad ng pagbabawal sa dayuhang tropang militar at armas nukleyar. Matagal na itong itinutulak ng US noon pa mang rehimen ni Heneral Ramos hanggang sa kasalukuyan para maisulong nito ang patuloy na paghahari sa Asya-Pasipiko, makapanaig sa imperyalistang kompetisyon at patuloy na makapaghari sa imperyalistang globalisasyon.

Pero ang militanteng paglaban ng mamamayan at ang pagtutol ng iba pang paksyon ng naghaharing uri na naghahangad din na makapwesto sa poder ang nagtulak sa imperyalismong US na magbabala sa gubyernong Arroyo at pinayuhan itong "daanin ang lahat sa legal". Matapos ang pagbuhos ng galit ng mamamayan na ipinakita sa libing ng kontra-Arroyo na dating pangulong Cory Aquino, pumihit na sa eleksyon ang labanan. Nagkumahog ang iba't ibang

paksyon ng naghaharing uri para magbuo ng makinarya at magtipon ng rekurso para sa labanang ang pangunahing puhunan ay salapi, tauhan at karahasan. Batid ng lahat ng paksyon na sinumang makakapagtipon ng pinakamarami sa mga ito ang tiyak na mananaig sa paligsahan ng mga naghaharing uri. Lamang na lamang dito ang makinaryang Arroyo dahil sa kotrol nito sa burukrasya at kabayang-yaman ng bansa.

Hindi na ikinagulat ng lahat nang magsumite ng kandidatura si pangulong Arroyo bilang kongresista ng ikalawang distrito ng Pampanga na dating kinakatawan ng anak na si Mikey Arroyo. Noon pa man, nababalita na ang pagbuhos dito ng bilyong halaga ng mga proyekto bukod pa sa madalas na pagbahaybahay dito ng pangulo. Ngayon pa lang, tinitiyak na ang panalo dito ng pangulong gustong maging kongresista. Ngayon lamang ito magaganap sa kasaysayan.

Pero lagpas pa rito ang hangad ng pangulo. Kasabay nito ay ang kandidatura din ng ibang kapamilya ni Arroyo, mga miyembro sa gabinete at ang iba pang dating kongresista na tapat na tagapagtanggol ni Arroyo sa mga kaso nito. Ayon sa mga nagsusuri sa pulitika, sa pagtakbo ng mga ito sa kongreso, natitiyak ang patuloy ng kontrol at dominasyon ng pangkating Arroyo sa kongreso at ang malaking posibilidad na iluklok bilang Ispiker ng kongreso ang dating pangulo.

Mga Opisyal ng Administrasyong Arroyo na Kumakandidato sa Mayo

Opisyal	Posisyon sa Pamahalaan	Posisyong Tinatakbuhan
Gloria Macapagal-Arroyo	President	Congressional seat, Pampanga
Eduardo Ermita	Executive Secretary	Congressional seat, Batangas
Agnes Devanadera	Justice Secretary	Congressional seat, Quezon
Hermogenes Esperon	Presidential Management Staff	Congressional seat, Pangasinan
Augusto Syjuco	Secretary of TESDA	Congressional seat, Iloilo
Rolando Andaya	Budget Secretary	Congressional seat, Camarines Sur
Arthur Yap	Agriculture Secretary	Congressional seat, Bohol
Raul Gonzalez	Chief Presidential Legal Counsel	Mayor, Iloilo City
Edgar Pamintuan	Secretary of the Luzon Urban Beltway	Mayor, Angeles City

Maging ang sistemang partylist ay sinalaula ng pangkating Arroyo. Ang sistemang nakalaan sana sa pagpasok ng mga kinatawan ng mga maliliit na partido at grupong mula sa mga tinatawag na marginalized and underrepresented sectors ay kinopong na rin ng mga tradisyunal na pulitiko laluna ng pangkating Arroyo. Nagtatago sa likod ng mga huwad na partylist ang pakana ng pagpuslit sa kongreso ng mga tauhan at kamag-anak ni Arroyo. Halimbawa, ang panganay na anak at dating kongresista sa tinatakbuhang distrito ni Arroyo ay mananatiling kongresman sa pamamagitan ng partylist diumano ng mga security guards.
Si Angelo Reyes nadating heneral at miyembro sa gabinete ay tatakbo bilang kinatawan ng mga tsuper at sektor ng transportasyon. Patunay ito sa desperadong pakana na madomina ng pangkating Arroyo ang susunod na kongreso.

Halimbawa ng Mga Kadudadudang PartyList

ANAD - Alliance for Nationalism and Democracy
Ang Kasangga
Bantay Party
1-UTAK
ADAM - Adhikain ng mga Dakilang Anak ng Maharlika
AGP - Ang Galing Pinoy
Agbiag - Agbiag Timpuyo Ilokano
Ahon Pinoy
APOI - Akbay Pinoy OFW - National
Anak - Aangat Ating Kabuhayan Pilipinas
Babae Ka - Babae para sa Kaunlaran
Bigkis - Bigkis Pinoy Movement
Byaheng Pinoy - Byaheng Pinoy Labor Association
Kalahi - Kalahi Sectoral Party
LYPAD - League of Youth for Peace and Advancement

Ang bulungbulungan sa pagiging ispiker ni Gloria Arroyo ay lalo pang lumalakas dahil sa posibilidad ng senaryo na magkaroon ng kaguluhan sa eleksyon lalo pa't ang diumano'y bagong pamamaraan sa eleksyon ay nagdudulot ng kalituhan at wala namang seryosong hakbang ang COMELEC para solusyonan ang mga depekto nito. Marami ang nangangamba na ang pinalulutang na krisis sa kuryente at maging ang mga untiunting nalalantad na sablay na AES ay nakatuon sa pagpalpak ng eleksyon na siguradong magluluwal ng kaguluhan at iba't ibang senaryo.

Handa sa lahat ng ito ang gubyernong Arroyo. Kung pagbabatayan ang mga pinakahuling hakbangin nito, mahihinuhang nakakasa ang makinarya ng pangkating Arroyo sa lahat ng posibilidad. Kapansinpansin ang mga midnight appointments laluna ang pagkakapwesto ng mga pinakamaaasahang alyado ni Arroyo sa mga mapagpasyang pwesto sa gubyerno. Inilagay sa pwesto si Heneral Delfin Bangit, dating pangunahing tauhang pangseguridad ng gubyernong Arroyo bilang pinuno ng AFP. Nakatakda itong magniombra ng pinuno sa Korte Suprema. Lahat ng ito ay madaliang ginagawa sa kabila ng probisyon sa konstitusyon na nagbabawal sa mga mayor na paghihirang ng upisyal dalawang buwan bago ang halalan. Lahat ng ito ay nagpapaypay sa mga ispekulasyon ng patuloy na pananatili sa poder ng pangkating Arroyo lagpas pa sa Hunyo kung kailan dapat itong umalis sa poder.

Kung magkakaroon ng bigong eleksyon (failure of elections), posible ang ekstensyon o hold-over ng kasalukuyang administrasyon sa poder. Sakaling kwestyonin man ang legalidad nito, huhusgahan ito ng Korte Suprema na ang mga miyembro ay itinalaga rin naman ni Arroyo. Kung sakali mang mag-alsa ang taumbayan, ang pwersa ng pulis at militar sa pangunguna ng mga heneral ni Arroyo ay tiyak na agad na kikilos para marahas na apulain ang mga protesta bago pa man makapagtipon ng panibagong people power ang mamamayan.

Pero dahil ang botohan ay manwal pa rin, ang canvassing ang talagang mas maaapektuhan ng bagong pamamaraan sa eleksyon. Kung sakali mang magkaroon ng bigong AES, malamang na matuloy ang bilangan at proklamasyon ng mga lokal na kandidato. Sa senaryong ito, magkakaroon ng mga “halal” na lokal na upisyales tulad ng mayor, gubernador at kongresista. Ang hindi mapoproklama ay ang mga pambansang kandidato tulad ng presidente, bise-presidente, senador, at partylist. Sa pagtatapos ng termino ng kasalukuyang administrasyon sa Hunyo, ang mga naproklamang kongresista ay posibleng legal na magtipon at maghalal ng Ispiker ng Kongreso. Ayon sa konstitusyon, kung walang presidente, bise-presidente, at pangulo ng senado, ang legal na tatangan ng pampulitikang pamumuno ay ang Ispiker ng Kongreso. Katulad ng nabanggit, hindi malayong isang Congresswoman Gloria Macapagal-Arroyo ng Pampanga ang mahalal na ispiker at posibleng interim na pangulo ng bansa.

Kailangan paghandaan ang anumang mga pakana ng pangkating Arroyo. Maging ang iba’t ibang pulitikong naghahain ng kanilang kandidatura kapalit ni Arroyo ay nananawagan ng paghahanda ng mamamayan at nagbubuo ng mga plano para kontrahin ang ganitong mga maniobra.

5 Sino ang mga kandidato at ano ang kanilang rekord?

Sa kalagitnaan ng kampanya, 9 na kandidato ang patuloy pa ring nanunuyo sa mamamamayan para makuha ang kanilang boto sa Mayo. Sampung kandidato ito sa pagkapangulo ang umarangkada sa pagsisimula ng kampanyang presidensyal pero sa kalagitnaan ay nadiskwalipika si Vetallano Acosta, kandidato ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL).

Kandidato	Partido
Benigno “Noynoy” Cojuangco Aquino	Liberal Party (LP)
John Carlos “JC” Gordon Delos Reyes	Ang Kapatiran Party (AKP)
Joseph “Erap” Ejercito Estrada	Partido ng Masang Pilipino (PMP)
Richard Juico “Dick” Gordon	Bagumbayan-Volunteers for a New Philippines (B.BAYAN-VNP)
Maria Ana Consuelo “Jamby” Madrigal-Valade	INDEPENDENT
Nicanor Jesus “Nicky” Pineda Perlas III	INDEPENDENT
Gilberto Eduardo Gerardo “Gibo” Cojuangco Teodoro Jr	Lakas ng Tao-Kabalikat ng Malayang Pilipino (LAKAS-KAMPI)
Eduardo “Eddie” Cruz Villanueva	Bangon Pilipinas (BP)
Manuel “Manny” Bamba Villar Jr.	Nacionalista Party (NP)

Isang buwan bago ang halalan, 4 sa mga ito ang nasa unahan ng mga survey at sinasabing malamang na mga pangunahing magtutunggali sa Mayo. Sa survey ng Ibon, lumilitaw na nangunguna sa popularidad si Noynoy Aquino, pumapangalawa si Manny Villar, pangatlo si Joseph Estrada, at pang-apat si Gilbert Teodoro na kandidato ng administrasyon.

Hinog sa pilit ang pagiging kandidato ni Noynoy Aquino. Naging seryosong kandidato lamang ito matapos ang pagkamatay ng inang si Cory Aquino at nakita ang milyong mamamayan na nakipaglibing sa namayapang ina. Sa pag-aakalang boto ito ng simpatya sa pamilyang Aquino, iniluklok ng Liberal Party si Noynoy Aquino bilang kandidatong pangulo at ginawang pambise-presidente na lamang si Manuel Roxas sa kabila ng matagal na nitong lantarang pangangampanya para maging pangulo.

Walang maningning na pampulitikang rekord si Noynoy Aquino. Maliban sa apelyidong dala, walang itong gaanong nagawa bilang mambabatas. Hindi rin

gaanong nasangkot sa anumang kontrobersya si Noynoy Aquino kaya nga isyu ng korupsyon ang pangunahin nitong plataporma sa kampanya. Si Aquino at Roxas ay parehong mula sa angkan ng malalaking haciendero at burgesya kumprador. Ang pamilyang Aquino kasama ng mga Cojuangco ang nagmamay-ari ng malawak na Hacienda Luisita sa Tarlac. Dito nangyari ang madugong pagmasaker sa mga nagprotestang magsasaka at manggagawang bukid dahil sa hindi makataong pagtrato sa kanila ng mga Aquino-Cojuangco. Sa masaker na ito, nalantad ang pagiging inutil ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) na batas sa repormang agraryo ng administrasyong Aquino na mismong sa mga lupain ng mga Aquino ay hindi naipatupad.

Galing daw sa pamilyang mahirap sa Tondo ang kandidato ng Nacionalista Party na si Manny Villar. Kilala si Manny Villar sa kanyang negosyo sa real estate, shopping malls at pabahay. Itinuturing na isa sa pinakamayamang tao sa Asya at naging ispiker ng kongreso at pangulo ng senado na aktibong nakisangkot sa iba't ibang usaping pampulitika tulad ng pagpapatalsik kay Estrada at pag-iimbestiga sa mga katiwalian sa gubyernong Arroyo. Nitong nakaraang taon, si Villar naman ang iniimbestigahan ng mga kapwa nito senador dahil sa diumano ay kawalang delicadeza, paggamit ng posisyon bilang senador nang ibenta ang pag-aaring lupa sa gubyerno. Ito ang kontrobersya sa C5 o kalsada sa Las Pinas na diumano ay pinagtubuan ng malaki ni Villar nang ibenta niya ito sa dobleng halaga sa gubyerno.

Parang artistang laos na naghahabol na mag-comeback ang drama ni dating pangulong Joseph Estrada. Matapos mapatalsik at humingi ng pardon sa gubyernong Arroyo, muli itong nagbabalik para diumano ay ibalik ang pwersa ng masa sa gubyerno. Subalit tulad nang naunang pagtakbo noong 1998, ang plataporma de gubyerno ng pangkating Estrada ay nananatiling hitik sa magagarbong islogan at pangkalahatang pangungusap. Walang malinaw na tindig sa mga isyu at halatang sumasandig pa rin sa popularidad ng artistang si Erap. Patuloy na umaaani ng pagsuporta kahimat ikatlo sa karera ang pangkating Estrada sa kabila ng nalantad nitong mga krimen sa gubyerno at sa mamamayan na patunay pa rin sa matinding pagkamuhi at pagtatakwil ng mamamayan sa gubyernong Arroyo.

Pumapang-apat sa karera ang kandidato ng administrasyon na si Gilbert Teodoro, dating Secretary of Defense sa gabineteng Arroyo. Pamangkin ng numero unong burges kumprador na si Danding Cojuangco pero nagpasyang maging tauhan at tagapagmana ni Gloria Arroyo sa pwesto. Bilang kahalili, nakatuon ang plataporma ni Teodoro sa pagpapatuloy ng mga patakaran at

programa ng gubyernong Arroyo. Pwede pa ngang ipagpalagay na si Teodoro ay transisyong pangulo para sa muling pagbabalik sa poder ni Arroyo bilang punong ministro (prime minister) sa ilalim ng charter change o Chacha na lantarang kinakampanya ng administrasyon.

Kung titimbangin ang mga kandidato batay sa kanilang rekord at plataporma, mahirap makahanap ng matimbang sa mga ito . Walang may malinaw na programa para tugunan ang mga saligang isyu ng mamamayan laluna ng mga anakpawis. Kung meron man, hindi naman ito nakadugtong sa mga pakikibaka ng masa at lilitaw na pangkampanya lamang. Bagamat lahat ay nangangako ng pag-ahon sa kahirapan at pagbabago kabaligtaran sa kasalukyang dinaranas ngayon ng mamamayan, walang malinaw na programang inilalako ang mga ito. Marami tuloy ang naniniwalang sinuman ang manalo sa eleksyong ito, hindi malaking pagbabago kung mayroon man ang maaasahang mangyari.

6 Sa anong pamantayan dapat timbangin ang mga kandidato sa eleksyong ito?

Korapsyon ang pinatatampok na isyu sa eleksyong ito. Ayon nga sa isang kandidato, walang mahirap kung walang kurap. Para siraan ang kapwa kandidato, isyu ng kurupsyon ang ipinambabato. Pero ang kakatwa, bawat isa sa mga nangungunang kandidato ay sangkot sa mga isyu ng kurapsyon. Si Manny Villar ay idinadawit sa C5 Road Controversy, si Noynoy Aquino ay sa diumano ay maanomalyang bilihan din ng lupa sa Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX), si Erap ay nabilanggo dahil sa mga napatunayang korupsyon sa kanyang administrasyon, at maging si Gilbert Teodoro na hindi man direktang kasangkot pero nagpikit-mata naman sa korupsyong nagaganap sa ilalim ng adminitrasyong Arroyo.

Samantala, walang sinuman sa kanila ang may malinaw na tindig sa mga isyung ipinaglalaban ng mamamayan. Ang iba pa nga ay salarin sa maraming mga programa at pakatarang nagpapahirap ngayon sa mamamayan. Matitimbang ang mga kandidato hindi lamang sa kanilang mga ipinapangako ngayon kundi sa naging rekord at aktwal na ginawa nila sa nakaraan. Laluna kung sisilipin kung paano sila nanindigan sa mga kagyat at mahahalagang isyu na isinulong ng mamamayan.

Maraming taon nang isinusulong ng mga manggagawa ang P125 dagdag sa minimum na pasahod. Subalit ni isa man sa mga nangungunang kandidato ay hindi lumagpas sa mga pabalat-bungang pagsuporta sa kahilingan ng mga manggagawa. Wala ring malinaw na plano ang mga kandidato kung paano solusyonan ang napakatinding kawalan ng trabaho na dinaranas ngayon ng bansa sa ilalim ng gubyernong Arroyo. Isa sa mga isyung pinapasagot kay Senador Noynoy Aquino ay ang pagsasawalangkibo nito sa napakatinding pagsasamantala sa mga manggagawang bukid at trabahador ng kanilang Hacienda Lusita na humantong sa madugong masaker. Si Senador Manny Villar, bagamat nagpapahayag ng pagsuporta sa pagtataas ng minimum na pasahod subalit sa balangkas ng pag-akit sa dayuhang pamumuhunan --- sa madaling salita, murang paggawa kapalit ng dayuhang pamumuhunan. Si Estrada ay nagsawalang bahala sa kahilingan ng manggagawa at katunaya'y ilang welga ng mga manggagawa tulad ng welga sa PAL, Manila Hotel, LRT ang madugong dinahas sa ilalim ng 2 taong administrasyon ni Estrada. Si Teodoro naman ay walang malinaw na tindig subalit malamang na ipagpapatuloy lamang nito ang bingi at bulag na patakaran ng gubyernong Arroyo sa kahilingan ng manggagawa para sa sahod at trabaho.

Inuuusal ng mga kandidato ang industriyalisasyon pero malinaw na sa balangkas ito ng pagpapatuloy sa imperyalistang globalisasyon. Binabanggit ni Manny Villar ang diumano'y pagrebyu sa patakaran ng liberalisasyon sa ekonomya at sa "bulag na pagsunod" sa globalisasyon pero bomoto pa rin siya sa Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA) at s malinaw na hangad pa rin nitong akitin ang dayuhang pamumuhunan bilang pangunahing salik sa ekonomya ng bansa.

Lalong hindi maasahan ang mga kandidato na manindigan sa tunay na repormang agraryo na daantaong isinusulong ng mga magsasaka at pinagbuwisan na ng libong buhay ng mga magsasaka at mamamayan. Lahat ng mga nangungunang kandidato ay nagmula sa angkan ng mga panginoong maylupa mula sa malalaking asyenda hanggang sa malalaking subdibisyon. Halos karamihan ay nagtaguyod ng Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPer) na sinasabi ng mga magsasaka na mas huwad pa sa dating CARP at lalo pang nagpakitid ng mga nasasaklaw ng lupa para sa repormang agraryo. Sa kabila ng napakatinding gutom sa kanayunan, kasalatan sa lupa at pagiging numero unong importer ng bigas, tila wala sa prayoridad ng mga kandidato ang tunay na repormang agraryo.

Lahat ay naninindigan para pangalagaan ang karapatang pantao ng mamamayan subalit walang malinaw na rekord ang mga ito pagdating sa

pangangalaga kahit na sa pagtatanggol man lang sa karapatang pantao. Karamihan sa kanila ay hindi naging bahagi ng anumang pagsisikap para ihanap ng hustisya ang mga biktima ng OBL 1 at 2 na programang kontra-insurhensya ng gubyernong Arroyo pero ang nasasalanta ay ang inosenteng mamamayan.

Hindi na rin nga maitatwa ng mga kandidato na malaking isyu ang malawakang paglabag sa karapatang pantao ng gubyernong Arroyo. Subalit maliban sa mga pangkalahatang pagkondena dito, walang malinaw na hakbanging inilalako ang karamihan sa mga kandidato para mahinto ang lansakang paglabag sa karapatang pantao. Maging si Noynoy Aquino na tumatakbo sa anino ng kanyang ina na sinasabing simbulo ng demokrasya sa bansa ay walang kongkretong hakbang na isinagawa para bigyan ng hustisya ang libulibong biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Masahol pa, pinagtatakpan nito at binibigyang katwiran pa nga ang masaker na nangyari sa sariling bakuran sa Hacienda Luisita. Lalo tuloy nalalantad na ang demokrasyang sinisimbulo ng namayapang Pangulong Aquino ay demokrasya ng mga panginoong maylupa lalo pa't mahirap kalimutan ng mga magsasaka ang masaker sa Mendiola at maging ang patakaran sa Total War ng gubyernong Aquino.

Kung titimbangin, napapasinungalingan ng kanilang rekord at maging ng kanilang mga paninindigan sa mga isyu ang sinasabing pagbabago ng mga kandidatong nais humalili sa kinamumuhiang pangulo. Hindi ito ang pagbabagong hahango sa maralita sa kahirapan. Hindi ito ang pagbabagong lulutas sa mga pundamental na depekto ng lipunang Pilipino na hanggang sa kasalukuyan ay kontrolado ng imperyalismong US at pinaghaharian ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador.

Tutuong malaking suliranin para sa mamamayan ang malaganap na korupsyon sa gubyerno. Tutuong dahil dito, ang nalulustay ay ang kabang-yaman ng bansa na dapat sana ay nagagamit para sa serbisyong panlipunan at sa kapakinabangan ng mamamayan. Subalit, ang korupsyon ay sintomas ng burukrata kapitalismo o ang paggamit ng pwesto sa gubyerno para pagkakitaan, gawing negosyo at pwersahang ipatupad ang pandarambong ng mga dayuhan at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador. Burukrata kapitalismo ang batayan ng paghahari ng imperyalismo at pyudalismo na siyang pundamental na problema ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Ang tutuo'y isyu ng mga naghaharing uri ang korupsyon pero ang nabibiktima ay ang mamamayan. Isyu ito ng paghahati-hati ng pakinabang sa lipunang pinaghaharian nila. Malaking isyu ito sa mga naghaharing uri dahil sa pagtindi

ng krisis pampulitika ng bansa na ang isa sa mga palatandaan ay ang krisis sa moda ng paghahari ng mga burgesya kumprador at panginoong maylupa. Tulad ni Marcos noon, pinipwersa ng pangkating Arroyo na solohin ang pakinabang at dinidiskaril ang "mapayapang" halinhinan ng mga naghaharing uri sa poder matapos na maibalik ang elitistang demokrasya noong 1986.

7 Ano ang saligang katangian ng eleksyon sa Pilipinas?

Pinagpupunyagian ng mamamayan ang demokrasya. Ang eleksyon sa Pilipinas sa katunayan ay nagsimula na karapatan lamang ng mga may pinag-aralan, mga lalaki at may mga pag-aaring lupa. Ito ang pamantayan noon sa mga botante para magamit ang karapatang bomoto na pinagpunyagian ng mga pakikibaka ng mamamayan para magkaroon ng mga reporma sa halalan. Hanggang ngayon, ang demokratikong katangian ng eleksyon ay patuloy pa ring pinagpupunyagian ng mamamayan.

Sa kabila ng awtomasyon at iba pang pagbabago sa moda ng eleksyon, nananatili ang mga saligang katangian ng eleksyon sa bansa. Sa saligan, ang sistema ng eleksyon sa Pilipinas ay elitista, oportunista, reaksyunaryo, dominado ng mga papet ng US, at nagsisilbi sa interes ng naghaharing uri. Ang katangian ng sistemang elektoral ng bansa ay bunga ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng lipunan nito.

Ang eleksyon ay isa sa mga pangunahing instrumento upang patuloy na makapaghari ang dayuhang monopolyo kapitalista sa pamamagitan ng paghahalinhinan ng mga "inihahalal" na papet na upisyal ng gubyerno mula sa mga nag-aagawang paksyon ng mga panginoong maylupa at burges kumprador. Pansinin na ang pangunahing pangkating nagpapaligsahan ngayon sa eleksyon sa Mayo ay mula sa mga panginoong maylupa, burgesya kumprador, at nasa likod nila ang suporta ng iba't ibang grupo ng mga lokal at dayuhang negosyante at asindero.

Elitista at hindi para sa masa ang eleksyon sa Pilipinas. Sa panahon ng eleksyon, ang mamamayan ay tagapanood at tagapalakpak sa mga palabas ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri na nagpapaligsahan sa pinakamalakas na palakpak gamit ang mga isyu ng mamamayan upang makaani ng simpatya at pagsang-ayon. Ang sistemang partylist na sinasabing daluyan para mabigyan ng boses sa gubyerno ang mga maralita at walang kapangyarihan ay sinalaula na rin

at kinopong ng mga huwad na partylist na pinopondohan ng mga naghaharing uri. Masahol pa, ang mga tunay na partylist na nagpupunyaging ipaglaban ang interes ng manggagawa, magsasaka at maralita ay tinatakot, kinukulong, sinusupil, at pinapatay. Kitang-kita ito sa sinasapit ng mga lider at kasapi ng mga progresibong partylist tulad ng Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis, Kabataan, at iba pa. Ipinangangamba ng mga naghaharing uri na sa kabila ng panunupil at pandaraya, ang mga partylist na ito ay patuloy na umaani ng pagtataguyod ng mamamayan.

Oportunismo at hindi talaga pagsisilbi sa bayan ang interes ng mga reaksyunaryong kandidato at partido sa eleksyon. Walang mapagpipilian dahil walang mga pundamental na kaibahan ang mga partido at kandidatong humaharap sa taumbayan. Halos magagaktulad ang mga angako subalit walang malinaw na tindig sa mga usapin ng mga anakpawis. Paano nga naman, ang pagkakahati ng mga kandidato ay hindi dahil sa mga prinsipyo kundi nakabatay sa kung kanino nakakabit ang kanilang mga negosyo at kung kanino sila mas makakuha ng ganansya. Pansinin na ang dating mga tagapagtanggol ni Arroyo ay nasa kampo na ng mga sinasabing oposisyon samantalang ilan sa mga dating komontra kay Arroyo ay nakikiambon ngayon sa administrasyon. Habang nalalapit ang eleksyon, unti-unting tumitining ang hanayan ng mga pulitiko at malamang na magbabaliktaran pa ang mga ito depende sa kung sino ang malamang na manalo sa halalan.

Pero higit sa nakasulat sa balota, ang boto ng imperyalismong US ang mas mapagpasya sa eleksyon sa Pilipinas. Hindi rin naman lingid ang lantarang paghingi sa US ng mga kandidato ng bendisyon o endorso. Binabaha ng suportang rekurso mula sa mga kapitalista at naghaharing uri ang mga kandidatong inaakalang pinapaboran ng US. Noong nakaraang taon, ilan sa mga kandidato ang lantaran at palihim na nakipag-usap sa ilang upisyal ng gubyernong US. Katunayan, mismong si Arroyo ay makailang beses na “nakipagkonsultahan” sa gubyernong Obama para sa hakbanging pampulitika nito. Kapag maraming rekurso at suportado ng US, tiyak na ang panalo dahil sa totoo lang, ang bangkaroteng eleksyon sa Pilipinas ay pinapagana ng panlilinlang at pandarahas.

Reaksyunaryo sa saligan ang katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Ibig sabihin ay kontra ito sa pagbabago. Ang eleksyon ay instrumento para mapanatili ang kasalukuyang kaayusan at para sa relatibong mapayapang paghahalinhinan ng magkakatunggaling paksyon ng naghaharing uri upang pangasiwaan ang sistemang panlipuan na parepareho nilang ipinagtatanggol, pinagsisisilbihan at pinakikinabangan. Sa katotohanan, ito ay hindi demokratikong proseso at hindi nito sinasalamin ang tunay na demokratikong hangarin ng mamamayan.

Nasa mamamayan kung gayon at wala sa eleksyon ang paraan kung paano baguhin ang kanilang kalagayan. Hindi ito simpleng pagboto at pagbabantay sa boto para mabilang nang wasto. Higit pa rito, kailangan ipaglaban ng mamamayan na maging tunay ang proseso ng eleksyon sa bansa. Magiging tunay lamang ang eleksyon kung ito ay magbibigay ng puwang para sa malayang pagpili ng mga pinunong kakatawan sa interes ng nakararaming mamamayan. Ito ang tunay na demokrasya – ang demokrasya ng nakakarami at hindi ng iilang elitista.

8 Ano ang puwang ng eleksyon para sa mamamayan?

Demokrasya man ito ng naghaharing uri, makabuluhang proseso pa rin ito na dapat gamitin ng mamamayan upang maisulong ang tunay na demorasya. Eleksyon man ito na dominado ng naghaharing uri, mainam na pagkakataon pa rin ito para patuloy na magpalakas ang kilusan ng mamamayan para sa tunay na pagbabago. Katunayan, ang mga nakaraang eleksyon ang nagpatunay sa marubdob na pagnanais ng mamamayan para magkaroon ng pundamental na pagbabago sa lipunan. Sa kabila ng panlilinlang, pananakot at pandarahas, masigasig at buong giting na itinaguyod ng mamamayan ang mga progresibong partylist na epektibong nagsulong ng interes ng mga anakpawis at mamamayan sa kongresong dominado ng mga naghaharing uri.

Nanguna ang Bayan Muna mula nang lumahok ito sa partylist elections noong 2001. Umaani rin ng pagtataguyod ng mamamayan ang Gabriela Women Party, ang Anakpawis party, at maging ang Kabataan Party sa kabila ng mga maniobra ng mga naghaharing uri sa pamamagitan ng tauhan nito sa militar at pulisya na takutin ang mamamayan. Bukod sa mga ito, malawak ding itinataguyod ngayon ang mga bagong progresibong partylist tulad ng ACT Party ng mga guro, ang Katribu Party na kumakatawan sa mga pambansang minorya, ang Akap-Bata na isang partidong nakabase sa Metro Manila.

Ang hindi lihim na sikreto ng pananagumpay ng mga partylist na ito ay ang kilusang masa na nasa likod at salalayan ng mga partidong ito. Ang lakas at lalim ng mga progresibong partylist ay nagmumula at nakaugat sa mga sektor na kinakatawan ng mga ito. Ang pagiging tunay ng mga ito ay hindi lamang dahil sa mga isyung itinataguyod subalit higit pa ang mahigpit nitong ugnay sa pangkalahatang kilusan ng mamamayan para sa pambansa demoratikong pagbabagong panlipunan.

Hindi na nga mapapasubalian ang lakas at lawak ng kilusang pambansa demokratiko na pinatunayan ng mga tagumpay at malawak na pagtataguyod sa

mga progresibong partylist. Batid ito kahit ng mga tradisyunal na pulitiko at partido. Hindi na nila mababalewala ang malawak na suportang inani ng mga ito sa kabila ng maraming balakid at panggigipit dito ng mga reaksyunaryong elemento ng gubyerno.

Lalo pa nang magbuklod ang mga ito at itayo ang Makabayan o ang koalisyon ng mga progresibong partylist para itaguyod ang pulitika ng pagbabago at iambag ang pakikibakang elektoral sa pangkalahatang pakikibaka ng mamamayan para gapiin ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa pagbubuo ng Makabayan, binalangkas nito ang platapormang magtataguyod ng tunay na pambansang kasarinlan, demokrasya at kalayaan.

Ito ang platapormang tinuntungan ng kapasyahang higit pang isulong ang tagumpay hindi na lamang sa kongreso kundi maging sa senado. Hindi na lamang sa sistemang partylist kundi ang pagpapalakas ng pambansang constituents sa pamamagitan ng pwesto sa Senado ng Pilipinas. Sa ganitong balangkas, hinirang ng Makabayan sina Bayan Muna Representative Satur Ocampo at Liza Maza ng Gabriela Women's Party para lumahok sa pambansang halalan sa senado.

Iba't ibang partidong pulitikal at grupo ang nagsimulang makipagtalakayan sa Makabayan para sa mga posibleng koalisyon at pagtutulungan sa halalan. Mula sa pambansa hanggang sa lokal na antas ay nakipagtalakayan ang Makabayan para sa pakikipag-alyansa sa gabay ng platapormang isinusulong ng Makabayan. Masusing pinag-aralan ng Makabayan ang iba't ibang partido at kandidato hindi lamang para suriin ang rekord ng mga ito kundi para iharap dito ang plataporma ng Makabayan at hingin ang kanilang mga paninindigan sa mga kagyat at pangmatagalang isyu ng mamamayan at ng bayan.

Isa sa mga sersyosong nakipag-usap sa Makabayan para hilingin ang aktwal na pakikipagtulungan sa halalan ay ang kampo ni Manny Villar. At dahil batid nitong ang pusod ng magiging usapan ay ang platporma ng Makabayan, naglabas ang Nacionalista Party ng tugon sa plataporma ng Makabayan. Sa dokumentong "In Reponse to People's Concerns", inilatag nina Manny Villar ang kanilang tugon dito. Ayon kina Villar, kung mahalal, seryoso nitong pag-aaralan ang mga di-pantay na kasunduan sa dayuhan, mga batas tulad ng oil deregulation at maging ang Visiting Forces Agreement (VFA). Nagpahayag din ito ng pagsuporta sa isyu ng mga anakpawis tulad ng ipinaglalabang dagdag sa minimum na pasahod at sa pagrerebyu ng CARPer tungo sa mas makatotohanang programa sa repormang agraryo. Naniniwala din si Villar para sa pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan sa balangkas ng paghahanap ng solusyon sa mga ugat ng rebelyon.

Tutuo rin namang sa panahon ng eleksyon, ang ganitong mga pangako ay bahagi ng panunuyo ng mga pulitiko para makahamig ng boto at suporta. Pero hindi mapapasubalian ang paglapit ni Villar at paglalabas ng dokumentong tutugon sa plataporma ng Mabakabayan ay pambihira o hindi pa nagagawa ng isang tradisyunal na pulitiko at partido. Lalo pa nang ialok ni Villar na maging guest candidate ng kanyang tiket sina Liza Maza at Satur Ocampo na batayan ng plataporma at may kalayaang mamili ng ikakampanya sa mga kapwa kandidato sa tiket. Ang ganitong mga hakbangin ni Villar ay pagkilala sa lakas at lawak ng suporta ng Koalisyong Makabayan dahil sa napatunayan nitong makabayan at makamamamayang paninindigan na umani ng pagtataguyod sa mamamayan at paghanga kahit sa hanay ng mga tradisyunal na pulitiko.

Ang pagsanib nina Liza Maza at Satur Ocampo sa tiket ni Villar ay alyansang nakabatay sa pagtutulungang kamtin ang pinagkaisahang mga isyu. Pero batid ng Makabayan na ang mga kaisahang ito ay kailangan tuloy-tuloy na igiit at ipaglaban, manalo man si Villar o hindi. Itinuro ng mahabang karanasan sa pakikibaka na ang pakikibakang elektoral ay mahalagang larangan din ng pakikibaka ng mamamayan tulad ng pakikibaka nito sa lansangan at sa iba pang larangan. Ang pananagumpay sa eleksyon ay bahagi ng patuloy na pagpapalakas at pagpapalawak ng hanay tungo sa ibayong pagsusulong ng rebolusyonaryo atdemokratikong kilusang masa.

9 Paano gagawing makabuluhan ang eleksyon sa mamamayan?

Napakainam na pagkakataon ang eleksyon para isulong ng mamamayan ang kanyang isyu at kahilingan. Sa panahong ipinapangako ng mga pulitiko ang pagbabago, kailangan itakda ng mamamayan ang kahulugan ng pagbabagong kailangan ng bayan. Hindi dapat hayaan ng mamamayan na ang mga pulitiko laluna ang mga kinatawan ng naghaharing uri ang magsalita para sa kanila. Dapat samantalahin ng taumbayan, ang eleksyong ito upang ilahad ang tunay na kalagayan ng lipunan at ang pagbabagong kinakailangan ayon sa interes at perspektiba ng mga anakpawis at mamamayan.

Komplementaryo at hindi magkabangga ang pagsusulong ng kilusang masa at paglahok nito sa eleksyon. Sa totoo lang, ang tagumpay ng paglahok sa partylist ay iluluwal ng malawak at malalim na kilusang masa na kailangang isabay sa panahon ng kampanya sa eleksyon. Lalo pa't dinaranas ngayon ang walang kapararakang paglala sa kabuhayan ng mamamayan at naghahanap ang taumbayan ng makabuluhang pagbabago sa kanilang buhay at sa lipunan.

Dahil eleksyon, tiyak na magiging usapan ang mga suliranin ng mamamayan at ng bayan at ang inihaharap ditong solusyon at programa ng mga kandidato. Mas bukas at handang tumanggap ang mga mamamayan ng paliwanag sa kanilang kalagayan at mga solusyon kung paano mababago ito.

Kailangan mapangahas, malinaw at malikhaing maiharap sa mamamayan ang programa ng pambansang demokrasya. Mahalagang maunawaan ng mamamayan na ang katuparan ng kanilang mga suhetibong interes tulad ng pagtaas ng sahod, pag-inam ng kabuhayan, lupa at trabaho, kasarinlan at demokrasya ay makakamit lamang sa pakakaroon ng isang gubyernong magsusulong sa interes ng mamamayan at hindi ng dayuhan at ng iilang naghaharing uri sa bansa. Ang mga batayang pagbabago sa ekonomya, pulitika at kultura ng lipunan sa katunayan ay pipigilan ng mga kandidato ng mga naghaharing uri na nakikinabang sa kasalukuyang kaayusan.

Mainam na halimbawa ang ginagawang paglulunsad ng mga sama-samang pag-aaral sa kalagayan ng mga nasa komunidad upang makapagbalangkas ang komunidad ng mga pahayag at napag-iisa ang mamamayan sa kanila mga isyu at kahilingan. Mula rito, ang mga isinasagawang kampanya ng mga pulitiko na ang ilan ay sa mga panahong ito lamang humaharap ay nagiging okasyon para iharap ng mamamayan ang kanilang mga isyu sa mga nagpiprisintang mamuno sa kanila. Ang mga pulong-bayan ay nagiging proseso ng pagkatuto ng mamamayan na umasa sa sariling lakas at organisasyon, militanteng manindigan at maggiit ng kanilang mga kahilingan at malantad sa kanila ang mga nagpapanggap at huwad na lingkod bayan.

Ang pagsasagawa ng kampanyang propaganda-edukasyon ng programa ng pambansang demokrasya ay magtutulak sa mga kandidato na manindigan sa mga isyu. Bukod sa mga pag-aaral at pulong-masa na dapat isagawa, maaari ring samantalahin ang mga porum ng mga kandidato upang hamunin silang manindigan sa mga isyung pambayan. Agad na matutukoy ng masa ang mga progresibo at militanteng kandidato at partido dahil sa mga isyu at plataporma de gubyerno nito. Samantala, ang paglaki at paglawak ng mga aksyong masa ay hindi lamang maglalantad sa mga isyu ng mamamayan kundi magtutulak din para kilalanin ng mga pulitiko ang lakas ng kilusang masa. Nabubuko din ng mamamayan ang mga nagpapanggap at mga kontra-pagbabagong pulitiko na sumasakay lamang sa mga isyu ng masa.

Sa panahon ng eleksyon, kailangan lalo pang tumampok ang agenda ng mamamayan. Dapat itulak ng mamamayan na manindigan ang mga pulitiko para

papanagutin ang gubyernong Arroyo sa mga krimen nito sa bayan mula sa di-maipaliwanag na iskandalo sa korupsyon tulad ng fertilizer at NBN-ZTE scam, ang malawakang pandaraya sa eleksyon na nabulgar sa iskandalong Hello Garci, ang malawakang paglabag sa karapatang pantao at sa mismong mga probisyon ng saligang batas. Hindi dapat magkasya ang taumbayan sa mga hugas-kamay na pahayag ng mga pulitiko tulad ng pagpapaubaya sa korte, o sa mga legal na proseso. Kailangan marinig ng taumbayan ang kanilang paninindigan sa mga naging kasalanan ng pangkating Arroyo.

Kailangan hanapin sa mga nagpiprisintang pinuno ng bayan ang kanilang programa para malutas ang krisis sa ekonomya ng bansa at paano maiibsan ang matinding kahirapang dinaranas ng mamamayan. Sa likod ng magagarbong salita ay kailangan hanapin kung saan nila inilulugar ang pangangailangan sa tunay na repormang agraryo at sa pambansang industriyalisasyon. Dito ay malalantad sa mamamayan ang mga nagtatago sa likod ng pekeng demokrasya at pangunahing nagtatanggol sa pyudal na kaayusan at monopolyo sa lupa ng mga haciendero. Makikilala rin ng taumbayan ang mga nangangako ng kaunlaran gayong malaki ang panangutan sa pagpapatupad ng mga programa at patakaran sa liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na nagluwal ng matinding kawalan at kasalatan sa trabaho bukod pa sa pagtirik ng lokal na industriya at paghigpit pa lalo ng kontrol ng dayuhang kapitalista sa lokal na ekonomya.

Kailangan makilatis ng mamamayan kung sino sa mga kandidato ang kabilang sa mga nagpakana ng reform value added tax (RVAT) na labis na nagpahirap sa mamamayan samantalang hinahayaan naman nitong patuloy na magbayad ng utang panlabas na ikinakaltas sa patuloy na lumiliit na badyet sa serbisyong panlipunan ng gubyerno. Matitimbang ng mamamayan kung sino ang talagang may malasakit sa kapakanan ng mamamayan at kung sino ang nagpapalapad ng papel sa imperyalismong US at sa mga kontrolado nitong pandaigdigang institusyon.

Mahalagang maalala ng mga mamamayan ang mga nagsulong ng pakanang Chacha hindi lamang para panatilihin sa poder ang pangkating Arroyo kundi para ipatupad ang agenda ng imperyalismong US na alisin sa konstitusyon ang mga legal na balakid sa pagpasok ng tropang Amerikano at armas nukleyar sa Pilipinas, ang kanilang 100% pagmamay-ari sa mga lupain at walang restriksyong pandarambong sa likas na yaman ng bansa.

Lahat ng ito ay kailangan itanong, hanapin at posisyonan ng sinumang naghahangad na mamuno sa bayan. Pero higit pa sa magiging paninindigan ng

mga kandidato (kung meron man), ay ang pag-iisa ng mamamayan tungo sa pagbubuo ng isang pambansang agenda ay hahamon sa sinumang maluluklok sa poder matapos ang eleksyon at ibayong magpapasulong sa kilusang masa anuman ang mangyari. Sa bandang huli, ang mabubuong pagkakaisa ng taumbayan at ang militanteng pagkilos nila ang pwersang magtutulak ng mga pundamental na pagbabago sa lipunan.

10 Ano ang mga dapat gawin?

Matalino nating pagpasyahan ang pangangampanya at pagboto kung paano at sino ang iboboto. Gawin nating gabay ang prinsipyo ng paglahok sa pakikibakang elektoral batay sa prinsipyo ng pagpapalakas sa kilusang masa.

Ilan sa maari nating gawin ay ang mga sumusunod: 1. magsulong ng mga pakikibakang masa at itulak ang mga kandidato na tumindig sa mga usapin ng mamamayan; 2. suportahan at ikampanya ang mga progresibong partido at kandidato; 3. maglunsad at hikayating lumahok ang mga kapitbahay, kaanak at kaibigan sa mga pulong-bayan at mga pag-aaral para talakayin ang mga isyu ng bayan; 4. lumahok sa mga sama-samang pagkilos ng mamamayan; at 5. ilantad ang mga pandaraya at karahasan na magpapatunay sa katangian ng eleksyon ng mga naghaharing uri.

Subalit kailangan maging handa ang mamamayan sa lahat ng posibilidad bago at pagkatapos ng eleksyon. Tiyak na gagawin ng desperadong rehimeng Arroyo ang lahat ng paraan upang makapanatili sa poder at mapigilan ang paglakas ng mga progresibo sa gubyerno. Ngayon pa lang, ilang kaso na ang naiulat na panggigipit at pananakot sa mga nangangampanya at tagapagtaguyod ng mga progresibong partylist. Kailangan ang patuloy na pag-iingat at militanteng pagharap sa mga panunupil at pananakot sa mga progresibong organisasyon at mamamayan.

Tuloy-tuloy na matyagan ang mga kaganapan sa pulitika laluna't patuloy na lumalakas ang ugong hindi lamang ng malawakang dayaan kundi ang posibilidad ng failure of elections. Anupaman ang kaganapan, kailangan handa ang mamamayan na bumuhos sa kalsada tulad ng ginawa ng mamamayan noong 1986 sa panahon ng malawakang pandaraya ng diktadurang Marcos. Pero hindi tulad ng dati, marami nang natutunan ang mamamayan sa kasaysayan. #